Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region

# SCHOOLS DIVISION OFFICE
CITY OF MUNTINLUPA

Abril 12, 2017

**MEMORANDUM PANSANGAY**

**Blg 061 , s. 2017**

DepEd - MUNTINLUPA
RELEASED
DATE 4/19/17

Sa mga: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Tagapamuno, CID, SGOD
Pandibisyon/Pandistritong Tagamasid/Koordineytor
Pampubliko at Pampribadong Punongguro/Nanunungkulang Punongguro
Guro

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

1. Kalakip nito ang Memorandum Panrehiyon Blg. 46, s. 2017 na may petsang Abril 3, 2017, tungkol sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** na may temang **Filipino: Wikang Mapagbago**, para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

2. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**MAURO C. DE GULAN, Ed.D**
Pansangay naTagapamanihala

USAS

**Republika ng Pilipinas**
*(Republic of the Philippines)*
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
*(DEPARTMENT OF EDUCATION)*
**PAMBANSANG PUNONG REHIYON**
*(NATIONAL CAPITAL REGION)*
Daang Misamis, Bago Bantay, Lungsod Quezon
*(Misamis St., Bago Bantay, Quezon City)*

Department of Education
National Capital Region
RECORDS AND PUBLICATION UNIT
RELEASED
By: 04
Date: APR
Time:

3 Abril 2017

Memorandum Panrehiyon
Blg. 46, s2017

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Kalakip ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017 na may petsang 20 Marso 2017, na nilagdaan ni **Atty. Alberto T. Muyot**, Pangalawang Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon, ang pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika- 31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampangulong Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997 na may temang *Filipino: Wikang Mapagbago,* para sa kabatiran ng lahat.

2. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**PONCIANO A. MENGUITO**
Direktor IV

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 58 s. 2017

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED
DATE 4/7/17
TIME 8:34
CITY OF MUNTINLUPA

Republic of the Philippines

# Department of Education

20 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 58, s. 2017

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago*.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

   Komisyong sa Wikang Filipino
   Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
   San Miguel, Maynila
   Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
   Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
   Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. MUYOT**
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

APA R-Buwan ng Wikang Pambansa 2017
0253/March 11, 2017